PRESIDENT FERDINAND ROMUALDEZ MARCOS JR.'s
SPEECH AT THE DISTRIBUTION OF VARIOUS GOVERNMENT ASSISTANCE
Limay, Bataan
March 31, 2023

(00:00:05)
Maraming salamat sa ating butihing gobernador ng lalawigan ng Bataan. Magsiupo po kayo at mahaba-haba itong speech ko para… Baka mapagod kayo.

Magandang umaga po sa inyong lahat. Nandito po kami ang ating mga kasama sa Cabinet member dahil nanggaling po kami doon sa kadiwa center kung saan tayo ang nagtatayo ng palengke ang tawag natin kadiwa. At ito'y ginagawa namin upang makapagdala ng mga produkto na mas nakakamura kaysa sa palengke.

Kaya't nandito po ang ating Secretary ng Trade and Industry, Secretary Fred Pascual; [applause] at ito po ang Department of Labor and Employment, ang ating Secretary Benny Laguesma; [applause] at ang inyong inaantay ng husto, ang ating Secretary ng DSWD, Secretary Rex Gatchalian. [applause] Siya po ang namamahala dito po sa ating pagbigay ng kaunting tulong.

Nandito po kami para tiyakin, unang-una, tiningnan po natin dahil pinaparami po natin iyong ating mga kadiwa stores na hindi lamang sa malalaking siyudad, kung hindi kahit nasa malalayo ay maramdaman naman ng tao.

Ang ginagawa po namin ay pinaparami natin ang produksyon ng lahat: ng bigas, ng asukal, ng sibuyas. Lahat po ng mga bilihin upang naman ay mabawasan ang gastos ng bawat Pilipino sa kanilang pamamalengke sa araw-araw.

Ngayon naman po, nandito po tayo para tiyakin na maganda naman po ang magiging assistance na ibinibigay ng pamahalaan dahil alam naman po ay ito ay nagsimula noong tayo ay naka-lockdown noong mabigat iyong Covid. At marami sa mga maliliit na negosyo natin iyong tinatawag na MSMEs, which is micro, small, and medium-scale enterprise, MSMEs, iyong maliliit na negosyo, marami po ang napilitang magsara dahil wala nang – kailangan nilang bitawan ang kanilang mga empleyado. Ginawa na ang lahat ngunit naubos na talaga at nagsara, at hindi na makakabalik kung hindi tulungan. Kaya po iyon ang aming ginagawa. Tinutulungan natin ang mga maliliit na negosyante.

(00:02:57)
Iyong kadiwa bahagi diyan sa ating ginagawa. Iyong kadiwa ay naging bahagi diyan dahil binibigyan din natin iyong mga local na manufacturers, iyong mga maliliit lang na nagpo-process ng pagkain, nagpo-process ng – gumagamit ng mga kung anu-ano. Gumagawa ng bag, gumagawa ng kape, gumagawa ng – sari-sari – ay mayroon silang mapuntahan upang ipagbili ang kanilang mga produkto.

Kaya't kahit iyong Covid na-lockdown po tayo marami pong nagsara. Kaya't ang aming sinasabing tulong na ibinibigay sa mga nangangailangan na kababayan natin ay hindi lamang iyong cash, iyong TUPAD, iyong AICS, kung hindi pati na itong Nego-Kart Project, ito Nego-Kart Project ng DOLE ito. Tapos ito naman mga lambat para – mayroon ding mga bangka nasa labas na ibinigay natin. Pati na doon sa agriculture program ng RCEF nakapagbigay po tayo ng mga tractor, ng mga harvester na malalaki para naman mas maging efficient ang ating pagsaka at para naman mabigyan natin ng sapat na suplay ang ating kadiwa stores.

Iyan po ang aming sadya rito. Ngunit hindi ko po matatapos ang aking pagsalita na hindi ko sasabihin na ramdam na ramdam ko pa ang inyong naging suporta, ang inyong naging tulong. [applause] Kaya't ito na po ang pagkakataon ko na makabalik sa inyo bilang Pangulo. Kayo ang gumawa na makabalik sa inyo bilang Pangulo [applause] at magpasalamat sa inyo.

(00:04:48)
At ang aking laging sasabihin po sa inyo ay hindi po namin makalimutan lahat po kami na mga kandidato na sinuportahan niyo, lalung-lalo na ako, si Inday Sara, na nakita naman ninyo napakaganda ang naging resulta dahil sa inyo. Kaya't ang isusukli po namin sa inyo ay walang tigil na trabaho upang gawing mas maganda ang buhay ng bawat Pilipino. [applause]

Asahan niyo po na ang inyong pamahalaan hindi kayo nakakalimutan. Basta't sinabi ninyo kayo ay nangangailangan eh tuloy-tuloy pa rin po ang aming ibibigay na tulong.

Sana naman ay darating na tayo sa sitwasyon na lahat kayo ay may hanapbuhay na, may pinagkakakitahan at sasabihin na ninyo sa amin hindi na namin kailangan iyan dahil mayroon na kaming pinagkakakitahan, mayroon na kaming hanapbuhay. [applause]

Iyan po ang hangarin natin. Ito po ay ang ating pinag-uusapan noong halalan. Ito na ang pagkakataon natin para gawing totoo ang pangarap natin para sa Pilipinas.

Maraming salamat po. Magandang tanghali po sa inyong lahat. [palakpakan]
(00:06:00)

* * *